



Patakaran sa Pinansiyal na Tulong sa Pasyente (Patient Financial Assistance Policy, FAP):

Ang Loma Linda University Medical Center, Loma Linda University East Campus Hospital, Loma Linda University Surgical Hospital and Loma Linda University Health Beaumont-Banning (“LLUMC”) ay bahagi ng isang nakabase sa pananampalataya na organisasyon na nagpupunyaging tugunan ang mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng mga pasyente sa aming heograpikong lugar ng serbisyo. Ang Misyong LLUMC ay “ipagpatuloy ang lumulunas na paglilingkod ni Hesukristo at gawing buo ang tao.” Ang Misyong LLUMC ay malinaw na ipinakikita sa pamamagitan ng FAP na ito. Ang una at pinakamahalagang responsibilidad ng LLUMC ay makita na ang mga pasyente nito ay nakakatanggap ng magpamalasakit, napapanahon, at angkop na medikal na pangangalaga na may pagsasaalang-alang sa pagkapribado, dignidad, at napaliwanagang pagsang-ayon ng pasyente.

Kami ay nakahanda para tiyaking ang mapagmalasakit, de-kalidad na pangangalaga ay idinudulot sa lahat, maging anuman ang kanilang kakayahang magbayad. Ang FAP ng LLUMC ay tumutulong na makuha ng mga miyembro ng komunidad nito ang medikal na kinakailangang mga medikal na serbisyo. Kasama dito ang mga taong walang insurance na pangkalusugan at hindi makabayad ng kanilang bayarin sa ospital, gayon din ang mga pasyenteng may insurance pero hindi mabayaran ang bahagi ng kanilang bayarin na hindi saklaw ng insurance. Depende sa mga pangyayari, kita at laki ng pamilya, ang ilang pasyente ay hindi pagbabayaran para sa mga serbisyo; ang iba ay maaaring hilinging magbayad ng bahagi lamang.

Sino ang karapat-dapat?

Ang mga pasyenteng ang kita ng pamilya ay 350% o mas mababa kaysa pederal na mga panuntunan sa kahirapan ay maaaring karapat-dapat sa tulong sa pamamagitan ng LLUMC. Ang libreng pangangalaga ay makukuha ng pasyenteng walang insurance na ang kita ng pamilya ay 200% o mas mababa sa pederal na mga panuntunan sa kahirapan. Ang mga di buong diskuwento ay makukuha ng may insurance at walang insurance na mga pasyente na nasa pagitan ng 201% at 350% ng pederal na mga panuntunan sa kahirapan.

Dahil sa mapapakinabangan mo ito kung ikaw ay walang insurance, pag-aaplayin ka namin para sa Medi-Cal. Kung may mga serbisyong isasagawa sa iyo sa LLUMC, makakatulong kami sa iyo sa pagproseso ng aplikasyon sa Medi-Cal. Sa panahon ng bukas ng pagpapatala, maaari kang makakuha ng pagsaklaw sa ilalim ng Covered California.

Ano ang sinasaklaw ng FAP?

Ang FAP ay sumasaklaw sa pang-emerhensiya at medikal na kinakailangang mga serbisyong pangkalusugan na ipinagkakaloob sa LLUMC. Ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag ito ay angkop at kailangan upang magprotekta ng buhay, hadlangan ang malubhang karamdaman o malubhang kapansanan, o ibsan ang matinding pananakit. Hindi kasama sa kahulugang ito ang mga natatanging serbisyo kung saan may magagamit na mabibisang



alternatibong therapy. Kasama sa mga halimbawa ang: 1) Mga serbisyong pampanganda at/o plastic surgery; 2) Mga serbisyong may kinalaman sa pagkabaog; 3) Pagwasto ng paningin; 4) Proton Therapy; 5) Mga pamamaraang robotiko; 6) Orthotics/Prosthetics; 7) Surrogate na pagbubuntis; o 8) Mga ibang serbisyo na pangunahing para sa kaginhawaan at/o kaalwanan ng pasyente. Ang FAP ay hindi pinairal sa mga serbisyo ng doktor na ipinagkakaloob sa LLUMC. Ang buong listahan ng mga tagapagkaloob ng pangangalaga na HINDI saklaw sa ilalim ng patakarang ito ay makukuha sa

<https://medical-center.lomalindahealth.org/financial-assistance#llumc>

Mga Halagang Pangkaraniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB)?

Ang isang indibidwal na karapat-dapat sa FAP ay hindi sisingilin ng higit sa mga presyo ng Medicare para sa emerhensiya o ibang medikal na kinakailangang pangangalaga.

Paano Mag-aplay:

Ang mga aplikasyon para sa FAP ay makukuha ng lahat ng pasyente nang walang bayad. Ang mga ito ay makukuha online sa

<https://medical-center.lomalindahealth.org/financial-assistance#llumc>. Para sa mga papel na kopya, mangyaring humingi sa mga Departamento ng Pagtanggap ng Pasyente at Pagpaparehistro (Admitting and Registration Departments) na matatagpuan sa buong pasilidad.

Humingi ng impormasyon tungkol sa programa sa paraang elektronikal:

Ang mga elektronikong kopya ng impormasyon tungkol sa programa ay makukuha sa pamamagitan ng email kapag hiniling. Tumawag sa (909) 558-8613 upang humiling ng mga elektronikong kopya. Mangyaring maghandang magbigay ng email address na mapapadalhan ng impormasyon kapag tatawag.

Personal na humingi ng impormasyon tungkol sa programa:

Ang impormasyon tungkol sa programa ay makukuha sa Mga Departamento ng Pagtanggap ng Pasyente at Pagpaparehistro (Admitting and Registration Departments) sa LLUMC.

Humiling ng impormasyon tungkol sa programa o tulong sa pamamagitan ng telepono:

Ang mga tauhan ng pinansiyal na tulong ay makakausap sa pamamagitan ng telepono upang magbigay ng impormasyon, alamin ang pagiging karapat-dapat sa FAP, at tumulong sa pasyente sa pag-aaplay para sa FAP. Ang mga tagapayo ay matatawagan sa: (909) 558-8613, Lunes – Biyernes, 7:30 a.m. – 4:00 p.m.

Humiling ng mga impormasyon tungkol sa programa sa pamamagitan ng koreo ng U.S.:

Ang isang pasyente ay makakahiling ng impormasyon tungkol sa programa sa pamamagitan ng koreo. Ang mga paghiling ng impormasyon ay maaaring ipadala sa:



LOMA LINDA UNIVERSITY
MEDICAL CENTER

Buod sa Simpleng Pananalita

Loma Linda University Medical Center
P.O. Box 700
Loma Linda, CA 92354

Ibang mga wika:

Ang mga kopya ng FAP, form ng aplikasyon para sa FAP, at Buod sa Simpleng Pananalita ay makukuha sa Ingles at Kastila. May ibang mga wika rin. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (909) 558-8613 o makipag-usap sa isang tauhan sa pinansiyal na tulong.